
5

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# MAPEH (Arts)

## Unang Markahan – Modyul 8:
## Ang Aking Komunidad



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MAPEH (Music) – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 8: Ang Aking Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Glichel B. Formentera
**Editors:** Celestino I. Sapiler, Jr., Analou R. Montilla, Mark Joevel Buante
**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Jose Aldrin F. Avellana, Abelardo G. Campani
**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Raul D. Agban
Lorelei B. Masias
David E. Hermano, Jr.
Shirley L. Godoy
Eva D. Divino
Jo-Ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov

5

# MAPEH (Arts)

## Unang Markahan – Modyul 8:
## Ang Aking Komunidad

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **MAPEH (Arts) 5** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Ang Aking Komunidad**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **MAPEH (Arts) 5** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Ang Aking Komunidad**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Matatagpuan sa Pilipinas ang napakaraming magagandang tanawing likas at artipisyal. Dahil sa kagandahan ng mga ito, madalas ay nagiging tampok ang mga tanawing ito sa mga likhang sining at mga memorabilia sa iba't ibang lugar sa bansa.

Sa modyul na ito matutunan mo ang paglalarawan tungkol sa inyong pamayanan sa pamamagitan ng kaniyang likhang sining at inaasahan na makamit mo ang mga sumusunod:

1. Nakikilala ang mga likhang sining na nagbibigay ng kuwento sa ating bansa o komunidad.
2. Nakapagkukuwento tungkol sa kaniyang pamayanan o komunidad sa pamamagitan ng kaniyang likhang sining
3. Napapahalagahan ang kaniyang pamayanan sa pamamagitan ng sariling likhang sining.

# Subukin

Tingnan ang mga larawan at isulat sa sagutang papel ang isinasaad nito. Limang (5) puntos ang pinakamataas na ibibigay sa bawat aytem kapag kasiya-siya ang sagot at apat (4) pababa kapag hindi masyadong kasiya-siya ang sagot.

1.



____________________________________________________

____________________________________________________

2.



| Aralin 1 | Payak na Exhibit: Makibahagi |
|---|---|

## Balikan

Ang mga sinaunang bagay o gusali ay bahagi ng kultura ng ating bansa. Kabilang dito ang mga mosque at ang simbahan, mga lumang bahay, pati na rin ang mga museo at ilang tanggapan. Sa loob ng mga gusaling ito ay ang mga antigong kagamitan.

Magtala ng tatlo haggang limang kagamitan na makikita sa mga lumang bahay, gusali, mosque o simbahan na matatgpuan sa iyong komunidad. Isulat ito sa sagutang papel.

1. ______________________________________
2. ______________________________________
3. ______________________________________
4. ______________________________________
5. ______________________________________

## Tuklasin

Panuto: Basahin ang kuwento na nasa ibaba at sagutin ang sumusunod na mga katanungan.



**"Doon po sa amin"**

Ito ang aking tahanan. Dito nakatira ang aking pamilya. Masaya kaming naninirahan dito. Sa silangan ng palaruan makikita ang aming paaralan. Dito hinuhubog ang kaisipan tungo sa pag-unlad. Marami ang nag aaral dito at magagaling ang mga guro rito.

Sa pinakacentro ng komunidad makikita ang aming simbahan. Dito sama samang nanalangin ang mga tao. Ito din ang namumuno sa mga pagdiriwang ng panrelihiyon.

Malapit sa bahay naming ang pook-libangan. Dahil sa palaruang ito, nabuo ang pagsasamahan ng bawat isa. Dito ginaganap ang programa at palabas ng aming komunidad.

Sa Kanluran ay may health center. Sa health center pumupunta ang mga tao upang magpakonsulta ng kanilang karamdaman. Ang health center din ang nangangalaga sa mga kalusugan ng mga tao.

Mayroon din kaming pamilihan. Dito rin kami namimili ng aming mga pangangailangan.

1. Ano- ano ang mga inilirawang gusali at lugar na bumubo sa kanilang komunidad?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

2. May mga ganitong mga gusali din ba sa inyong komunidad? Ipaliwanag ang sagot.
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

## *Suriin*

Bawat komunidad ay may kanya-kanyang likhang sining na nagbibigay ng kuwento at ito ay pinapahahalagahan ng mga taong nakapaligid dito. Iilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:



Pambansang Museo

Ang museo ay isang lugar o gusali na pinaglalagakan ng mga bagay na may kinalaman sa kasaysayan at mga bagay na may kinalaman sa sining at siyensiya. Kabilang na sa mga museo sa Pilipinas ay ang "National Museum" o Pambansang Museo na itinakdang pamahalaan bilang espesyal na lagakan ng mga pamanang bansa. Dito nakatago ang mahalagang kagamitan na ginamit ng mga unang Pilipino at mga dakilang bayani ng bansa.




Lumang Bahay ni Heneral E. Aguinaldo

Mga lumang bahay na ginawa daang taon na ang nakalilipas sa ibat-ibang dako ng Pilipinas ay karaniwang yari sa bato at adobe. Ang mga bintana ay malalaki at pinapalamutian ng kapis. Malalaki ang mga pinto. Maluluwang ang mga silid kabilang dito ay lumang bahay ni Heneral Emilio Aguinaldo sa Kawit Cavite.



Pambansang Museo


Lumang simbahan at mosque. Ang unang simbahan o parokya sa Maynila ay ang "Manila Metropolitan Cathedral" na itinatag noong 1571.




## *Pagyamanin*

Gawain 1

Pagmasdang mabuti ang mga larawan na nasa ibaba. Kilalanin kung ito ba ay isang Museo, Lumang Bahay, o lumang simbahan o mosque. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



1. 



2. 



3.





4.

5.

Gawain 2

Gumuhit ng tanawin o likhang sining na makikita sa inyong pamayanan at lumikha ng kuwento tungkol dito.

Gawain 3

Gamit ang iyong mga naiguhit sa itaas, paano mo mapapahalagahan ang inyong pamayanan sa pamamagitan ng likhang sining? Sumulat ng dalawang pangungusap na nagpapakita ng pagpapahalaga nito

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________

## *Isaisip*

Sa pamamagitan ng likhang-sining, naipagmamalaki natin at nabibigyang halaga ang mga bagay na nasa pamayanan maging ang mga likas na pamana at ang ating mayamang kasaysayan. Taglay ng mga ito ang pambihirang disenyo na maaaring likas o gawa ng tao. Ang mga arkitektural na disenyo ng mga ito ay nakapagpapatanyag din sa angking galing ng mga Pilipino.

Gaano ako natutuo sa araling ito? Lagyan ng tsek (/) ang kahon sa napiling sagot.

☐ Napakahusay
☐ Bahagyang Mahusay
☐ Nangangailangan ng karagdagang Pagsasanay

## *Isagawa*

Gamit ang natutunan mo tungkol sa *crosshatching at contour shading techniques*. Iguhit sa loob ng kahon ang magandang tanawin sa inyong komunidad. Maaring ito ay lumang bahay, gusali, mosque o simbahan. (sumangguni sa *Rubriks* na makikita sa “Tayahin” sa pagbigay ng puntos)

Magkuwento tungkol sa komunidad na iyong nilikha.
*(sumagguni sa rubriks na gagamitin sa pagbigay ng puntos)*



## *Tayahin*

Rubriks para sa Paggawa ng Sariling Disenyo/Guhit

| **Pamantayan** | **(5)** | **(3)** | **(1)** | **Marka** |
|---|---|---|---|---|
| Tamang pagguhit ng istraktura | Sadyang tama o wasto ang pagguhit ng disenyo ng istraktura | Malinaw na hindi gaanong tama ang disenyo ng istraktura | Halatang hindi tama ang disenyo ng naiguhit na istraktura | |
| Wastong paggamit ng techinique | Ang ginamit na technique ay wasto, malinaw at masining | Malinaw ang ginamit na technique pero hindi masyado masining | Hindi masining at malinaw ang technique na ginamit | |
| Kalabasan | Ang kalabasan ng ginuhit ay may kaisahan at kaugnayan sa mga sinauang gusali | Karamihan sa nilalaman ay may kaugnayan sa tema | Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang ginuhit | |

Rubriks para sa Pagsusuri ng Sanaysanay Tungkol sa Inyong Naguhit

| **Pamantayan** | **(5)** | **(3)** | **(1)** | **Marka** |
|---|---|---|---|---|
| Kalinisan at Kahalagahan | Ang kalinisan ay nakikita sa kabuuan ng sanaysay gayundin ang nilalaman ay makabuluhan | Ang nilalaman ng sanaysay ay makabuluhan at malinis | Walang kabuluhan at kalinisang nakikita sa sanaysay | |
| Istilo | Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at nababasa | Ang istilo sa pagsulat ay malinaw at nababasa | Walang kalinawan at pagkamalikhain | |
| Tema | Ang kabuuan ng sanaysay ay may kaisahan at kaugnayan | Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema | Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang nilalaman | |

## *Karagdagang Gawain*

Sumulat ng maikling liham sa inilaang kahon sa ibaba para sa inyong kaibigan. Ang liham na ito naghihikayat sa kanya na pahahalagahan ang mga lumang gusali, bahay, simbahan o di kaya ay magandang tanawin sa kanilang komunidad.



# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. Depende sa tugon ng mag-aaral
2. Depende sa tugon ng mag-aaral
3. Depende sa tugon ng mag-aaral

**Balikan**

1. Depende sa tugon ng mag-aaral

**Pagyamanin**

1. Paaralan, tahanan, simbahan, pook-libangan and health center
2. Depende sa tugon ng mag-aaral

**Gawain 1**

Depende sa Tugon ng Mag-aaral

**Gawain 2**

Depende sa guhit ng mag-aaral (refer to rubrics)

**Gawain 3**

Depende sa tugon ng mag-aaral

**Isa-isip**

Depende sa tugon ng mag-aaral

**Isagawa**

Depende sa guhit ng mag-aaral (refer to rubriks)
Depende sa tugon ng mag-aaral (refer to rubriks)

**Tayahin**

Depende sa guhit ng mag-aaral (refer to rubriks)

**Karagdagang Gawain**

Depende sa guhit ng mag-aaral (refer to rubriks)

# *Sanggunian*

Copiaco, Hazel, and Emilio Jacinto Jr. *Halinang Umawit At Gumuhit 5*. Reprint, Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines: Vibal Group Incorporated. 2016, 2016 pahina 102 -105, 128-129

Valdecantos, Emelita. *Umawit At Gumuhit 5*. Reprint, Guevarra St., Sta. Cruz Manila: Saint Mary's Publishing Corp., 1999, pahina 167-168

"Download - Simbahan". 2013. *Simbahan*. http://simbahan.net/download/.

2020. *Upload.Wikimedia.Org*. Accessed June 12. https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/7/7f/Bahay_na_bato_houses_of_philippines.jpg.

Al-Dahab, Masjid. 2014. "List Of Mosques In The Philippines". *En.Wikipedia.Org*. https://en.wikipedia.org/wiki/List_of_mosques_in_the_Philippines#/media/File:Golden_Mosque_10.JPG.

https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Roca_Encantada_House_-_Buenavista,_Guimaras.jpg (retrieved: June 4, 2020)

https://ceb.wikipedia.org/wiki/Payl:Pacific_Ocean_View_from_Light_House_Top,_Palaui_Island_Cagayan_Philippines.jpg (retrieved: June 4, 2020)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph